# PAANO AKO MAGIGING *Muslim?*



Tagalog

Sinumang nagnanais na pumasok sa relihiyong Islam, ano ang gagawin niya upang siya ay maging Muslim?

Ang bagay na ito ay madali lamang at hindi naglalaman ng komplikasyon. Hindi na ito nangangailangan ng sinumang tagapamagitan sa pagitan nito at ng kanyang Panginoon. At hindi na nito kailangan na gumawa ng pagdiriwang o anupaman na kasing-kahulugan nito.

## *Pagbanggit ng dalawang pangungusap*

Ang gagawin niya lamang ay ang pagbanggit ng dalawang pangungusap na naglalaman ng kabuuang kahulugan ng Islam, at ito ay ang dalawang pagsaksi. Kanyang sasabihin:

*Ashhadu allā ilāha illallāh wa ashhadu anna Muhammadar-Rasūlullah*

"Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin liban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah."

(Ashhadu allā ilāha illallāh) Ibig sabihin: Aking pinagtitibay at kinikilala sa pamamagitan ng aking puso at sinasabi sa pamamagitan ng aking dila na walang ibang sinasamba na karapat-dapat liban sa Allah, Siya lamang ang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba. Samantalang ang ibang mga diyus-diyosan na sinasamba ng mga tao, iyon ay mga bulaang diyos.



Sinabi ng Allah: (Sa kadahilanang ang Allah — Siya ay mananatiling katotohanan na walang sinuman ang karapat-dapat at may karapatang sambahin kundi Siya, at ang anumang sinasamba ng mga walang pananampalataya bukod sa Allah ay pawang kamalian na hindi nakapagdudulot ng anumang

kapakinabangan ni kapinsalaan. Walang pag-aalinlangan, ang Allah ay Al-`Alee — ang Kataas-Taasan na nasa ilalim ng Kanyang pagtatangan ang lahat ng Kanyang nilikha at malayo sa anumang katulad o katambal, ang Kataas-Taasan na walang sinuman ang mas mataas kaysa sa Kanya, na Al-Kabeer — ang Pinakadakila na walang anumang makapapantay sa Kanya at walang sinuman ang mas dakila pa kaysa sa Kanya.) *Al-Qur'an 22:62*



(wa ashhadu anna Muhammadar-Rasūlullah) Ibig sabihin: Aking pinagtitibay at kinikilala sa pamamagitan ng aking puso at sinasabi sa pamamagitan ng aking dila na si Muhammad bin Abdullāh bin Abdul Muttalib Al-Qurashiy Al-Hāshimiy ay sugo na isinugo ng Allah sa mga Jinn at mga tao; upang utusan silang sambahin ang Allah nang Nag-iisa at walang katambal. At ipinahayag sa kanya ang maluwalhating Qur'an na napapaloob dito ang pamamaraan ng Islam. Sinabi ng Allah: (Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao, lahat sila: Katiyakan, ako ay Sugo ng Allah sa inyong lahat, na ito ay para sa lahat-lahat at hindi sa iilan lamang — na Siya, ang Allah ang Nagmamay-ari ng buong kalangitan at ng kalupaan at ng anumang mga niloloob nito. Walang sinuman ang nararapat na pag-ukulan ng bukod-tanging pagsamba kundi Siya lamang, ang Kapuri-puri at Kataas-taasan, na Makapangyarihan sa pagsagawa ng Kanyang nilikha, na Siya ang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan at magbubuhay muli (sa lahat). Na kung kaya, maniwala kayo sa Allah at tanggapin ninyo ang Kanyang Kaisahan sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at sundin ninyo ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), ang

Propetang hindi marunong bumasa at sumulat, na siya (Muhammad ﷺ) ay naniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag Niya sa kanya, at sa anumang ipinahayag sa mga Propeta na nauna kaysa sa kanya, at sundin ninyo ang Sugong ito at ipatupad ninyo ang pagsagawa ng lahat ng anumang ipinag-utos niya sa inyo bilang pagsunod sa Allah; at paghahangad na kayo ay gabayan sa Matuwid na Landas.) *Al-Qur'an 7:158.*

At kinakailangan sa pagsaksing ito: kanya siyang paniwalaan sa kanyang ibinalita, at kanya siyang sundin sa kanyang ipinag-utos, at tigilan ang mga ipinagbawal at sinaway niya, at kanyang sundin ang kanyang Sunnah at kanya siyang tularan.

### *At dapat siyang maligo dahil sa pagpasok sa Islam:*

At ito ay kabilang sa mga magagandang batas. Sapagkat ang Islam ay relihiyon ng kadalisayan at kalinisan. Kaya, kaaya-aya sa sinumang pumasok sa Islam na maligo dahil sa pagpasok sa Islam. Ngunit hindi nakasalalay ang bisa ng kanyang pagpasok sa Islam dahil sa pagligo, dahil ang pagpasok niya sa Islam ay tama kahit na hindi siya naligo. Ngunit mas kompleto at mas mainam na siya ay maligo ng pagligo sanhi ng pagpasok sa Islam.

### *At pag-aralan niya ang mga haligi ng Islam at isagawa ang mga ito:*

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: (Ang Islam ay iyong pagsaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin liban sa Allah at tunay na si Muhammad ay sugo ng Allah ﷺ, magtaguyod ng pagdarasal, magbigay ng Zakah, mag-ayuno sa Ramadhan, at magsagawa ng Hajj sa Baytul Haram kapag kaya mo ang paraan para maisagawa ito.)

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: (Ang Islam ay iyong pagsaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin liban sa Allah at tunay na si Muhammad ay sugo ng Allah ﷺ, magtaguyod ng pagdarasal, magbigay ng Zakah, mag-ayuno sa Ramadhan, at magsagawa ng Hajj sa Baytul Haram kapag kaya mo ang paraan para maisagawa ito.)

### *At pag-aralan niya ang mga haligi ng pananampalataya:*

Ang pananampalataya ay may anim na haligi; ito ay: Ang

pananampalataya sa Allah, Kanyang mga anghel, Kanyang mga aklat, kanyang mga sugo at propeta, Huling Araw at sa tadhana na mabuti at masama.

### *At pag-aralan niya ang lahat ng mga kinakailangan niya sa kanyang relihiyon:*

Pag-aralan niya ito nang dahan-dahan at sa pagdaan ng mga araw nang paunti-unti. Unahin niya ang pinakamahalaga sa mga mahahalagang kinakailangan niya sa kanyang relihiyon mula sa mga doktrina, pakikitungo, mga asal at ang mga ipinagbabawal na gawin sa Islam. Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang pagsasaliksik ng kaalaman [sa Islam] ay obligado sa bawat Muslim).

# DISCOVER AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com
@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika